Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

-102-

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

RESOLUTION No. 187 - '92
PROVINCIAL BOARD

KAPASIYAHAN BLG. 73-'92 September 23, 19 92
(Sa mungkahi ni Kag. Almodovar na pinangalawahan ni Kag. Tapangco)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGTITIBAY SA PAGTATALAGA SA TUNGKULING ASSISTANT CIVIL REGISTRAR BILANG KATULONG NA PINUNO NG TANGGAPAN (Assistant Department Head) SA TANGGAPAN NG MUNICIPAL CIVIL REGISTRAR ATMNAY ANTAS NA 22 (Salary Grade 22).

YAYAMANG itinatadhana ng Local Government Code of 1991 na mapatalagang Pinuno ng Tanggapan ang Municipal Civil Registrar na sa ngayon naman ay nakasanib na sa Talaan at Balangkas ng mga Kawani at Pinuno ng Pamahalaang Bayan ng Santa Rosa, Laguna;

YAYAMANG, ang tungkuling Assistant Civil Registrar ay kabahagi at kasanib na ng Balangkas na nabanggit at kinakailangan lamang ang pagtataas ng antas at ng sahod;

NGAYON, SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagtitibay sa pagtatalaga sa Assistant Civil Registrar sa Tanggapan ng Municipal Civil Registrar at itinatadhanang may Antas Blg. 22 (Salary Grade 22).

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

****

KAUTUSANG BAYAN BLG. XXXVIII-'92
(Sa mungkahi ni Kag. Almodovar na pinangalawahan ni Kag. Tapangco)

ANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGTITIBAY NG PAGTATAKDA NG PAGGAGAWAD NG LINYA/PRANKESA PARA SA MGA DE MOTOR NA TRICYCLE AT NAGTATAKDA NG ALITUNTUNIN AT KAUKULANG PARUSA SA MGA PAGLABAG AT IBA PANG MGA BAGAY ALINSUNOD SA TADHANAIN NG SECTION 447 (3) (VI) NG BAGONG LOCAL GOVERNMENT CODE.

ARTIKULO I
PAMAGAT NG KAUTUSANG BAYAN

Pangkat 1. Ang Kautusang Bayan ay tatawaging Pambayang Alituntunin sa pamamasada ng mga Tricycle na de motor sa bayang ito.

Pangkat 2. Pagtatatag ng "Tricycle Franchising Regulatory Committee" (TERC) na bubuuin ng isang Chairman at tatlong kasapi. Ang

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

JOSE B. CRISTIG, Jr.
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

ROGELIO V. DIJAUCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
-103-

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Chairman at dalawang kasapi ay sinuman sa mga kagawad ng Sangguniang Bayan na kanilang pipiliin at ang ika-apat ay mula sa Tanggapan ng Pambayang Ingat-yaman;

Pangkat 3. Ang "TFRC" ay binibigyan ng kapangyarihan na siyang mangasiwa sa paggagawad ng linya o prankesa sa mga operator ng tricycle na de motor, bagama't ang anumang paghahabol ukol dito ay maaaring iharap sa Punong-bayan;

ARTIKULO II
PANGANGAILANGAN NG LINYA/PRANKESA

Pangkat 4. Ang lahat ng nagmamay-ari ng pampasadang tricycle na de motor sa bayang ito ay dapat kumuha, hindi lamang ng kinakailangang "Mayor's Permit" kundi higit sa lahat ay ng kaukulang Linya/Prankesa bago sila makap masada.

Pangkat 5. Ang maaari lamang pagbigyan ng linya/prankesa sa bayang ito ay ang mga naninirahan dito.

ARTIKULO III
MGA KAILANGAN SA PAGKUHA NG LINYA/PRANKESA

Pangkat 6. Sa pagkuha ng prankesa ay dapat na ang may-ari ng tricycle ay maghain ng kaukulang kahilingan o application sa Tricycle Franchising Regulatory Committee na ang gagamiting pormularyo ay maaring manggaling sa munisipyo.

Pangkat 7. Ang kahilingan ay dapat lakipan ng kopya ng Certificate of Registration (CR) ng tricycle at ng kopya ng Official Receipt (OR) sa pagkapagbayad ng rehistro ng tricycle at kopya ng anumang dokumento na nagpapatunay na ang aplikante ay isang Pilipino. Ito ay maaaring Birth Certificate, Voter's ID o kaya'y Affidavit ng dalawang tao na hindi mamag-anak ng aplikante na nagpapatunay na siya ay Pilipino, o kaya ay sertipikasyon ng Mayor o Barangay Captain na angaplikante ay Pilipino.

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

RESTITUTO G. ALMODOVAR
Kagawad

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

ARTURO M. TIANGCO
Kagawad

ANGELITO L. LIJAUCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

RUFINO P. PAPANGCO
Kagawad

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Pangkat 8. Bukod sa mga pangangailangang binanggit sa sinundang pangkat ay kailangan ding magharap ang sinumang aplikante ng kopya ng insurance ng tricycle at certification ng Municipal Engineer (o sinumang opisyal ng bayan na piliin ng Sanggunian) na nagpapatotoo na ang sasakyan ay "road worthy".

Pangkat 9. Para sa mga may linya na kinuha sa Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) ay dapat silang kumuha ng "Clearance" doon na ilalakip din sa aplikasyon.

ARTIKULO IV
MGA DAPAT BAYARAN

Pangkat 10. Sa sandaling maghain ng kahilingan ay magbabayad ang aplikante ng sumusunod na mga halaga:

(a)	Para sa Filing Fee.	₱150.00
(b)	Para sa Legal Research Fund Fee .	10.00
(c)	Para sa Certification	10.00

Pangkat 11. Ang aplikante o franchise holder ay magbabayad din taon-taon, tuwing bago dumating ang Ika-20 ng Enero ng Mayor's Permit, at halagang ₱40.00 bilang supervision fee tuwing bago matapos ang Setyembre ng bawat taon. Ang hindi pagbabayad ng naulit na mga halaga sa taning na panahon ay papatawan ng multang 50% ng halagang dapat bayaran.

ARTIKULO V
MGA ALITUNTUNIN

Pangkat 12. Ang alinmang pamasadang tricycle ay dapat lamang ipamasada gamitin sa pagpapasada sa mga lansangan at rutang nakatakda o ibinigay sa kanila, at hindi iyon maaaring gumamit ng mga lansangang nasyonal o national highway maliban sa pagbagtas o pagtawid doon.

Pangkat 13. Walang driver na maaaring magpasada o magmancho ng tricycle kung siya ay walang kaukulang professional drivers ~~license~~.

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Kagawad

ROGELIO V. VIJAUCO
Kagawad

ARTURO K. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Pangkat 14. Ang driver/operator ay dapat sumunod sa mga kautusan at alituntuning itinakda rito at sa lahat ng mga batas trapiko at mga regulasyon na may kinalaman sa pagpapatakbo ng mga sasakyang de motor.

Pangkat 15. Sa loob ng tatlumpung (30) araw simula sa pagtanggap ng kaukulang prankesa ay dapat na irehistro ang tricycle bilang pamasada (for hire) sa Tanggapan ng L.T.O. na kung saan ang tricycle na iyon ay nakarehistro.

Pangkat 16. Ang pasahe na dapat singilin ng driver/operator sa mga pasahero ay halagang ₱1.75 para sa unang isang kilometro at may dagdag na ₱0.50 sa bawat susunod na kilometro, maliban kung ang taripang ito ng pasahe ay baguhin ng Sanggunian pagkatapos na iyon ay magkaroon ng "Public Hearing" sa kahilingan ng sinumang "interested party"

Pangkat 17. Ang Special Authority (SA) o prankesa ay may bisa sa loob ng dalawang (2) taon simula sa pagkuha nito at iyon ay maaaring ipagpatuloy o ma-renew pagkaraan ng naulit na taning kung sa pasiya ng Tricycle Franchising Regulatory Committee (TFRC) ay maaaring iyon ay ma-renew. Ang kapasyahan ng TFRC ukol doon ay maaaring ipaghabol sa Punong-bayan.

Pangkat 18. Kung walang kaukulang pagpapatibay (approval) ang TFRC, ang driver/operator ay hindi pinahihintulutang magdagdag, maglipat o mag-alis ng tricycle at hindi rin siya pinahihintulutang tumigil sa o iwanan ang pagmamaneho (abandonement) o pamamasada. Kung gagawin niya ang alinman sa mga iyon ng walang pahintulot ang TFRC ay maaaring kanselahin ang linya o prankesa at mawawalan na siya ng karapatan na bigyang muli ng prankesa.

ARTIKULO VI
IBA PANG MGA ALITUNTUNIN

Pangkat 19. Lahat ng sidecar ng pamasadang tricycle ay dapat magkaroon ng tinatawag na "color coding" sang-ayon sa ibibigay o ia-assign sa kanila ng TFRC.

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

ERTC T. LUZON
Kagawad

RESTITUTO G. RODOVAR
Kagawad

JOSE B. CANTOS, Jr.
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

ARTURO K. TIANGCO
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

RUFINO P. TAYANGCO
Kagawad

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Pangkat 20. Ang lahat ng tricycle operator/ driver ay dapat magkabit sa kanilang sidecar, sa una at sa huli nito ng plaka galing sa munisipyo bukod pa sa plaka na galing sa L.T.O.

ARTIKULO VII
TRANSITORY PROVISIONS

Pangkat 21. Sa sandaling mapagtibay ang kautusang ito, ang TFRC ay mag-iimbentaryo ng dami ng bilang ng tricycle sa bayang ito, kaya ipinag-uutos sa lahat na may pamasadang tricycle dito na sila'y magreport kaagad sa TFRC upang sa paggagawad ng prankesa sa mga kinauukulan ay mapabilang sila sa mga dapat bigyan.

Pangkat 22. Pagkatapos ng imbentaryo ng mga tricycle ay ang TFRC ay gagawa ng masusing pag-aaral upang tiyakin ang bilang ng tricycle na dapat ipamasada sa bayang ito upang iyon ay irekomenda sa Sangguniang Bayan at makapagpasiya naman ito ukol sa kung ilan ang dapat na pahintulutan na makapamasada at upang sa gayon naman ay mabigyan ng proteksiyon, hindi lamang ang mga pasahero o "riding public" kundi gayon din ang mga may-ari ng tricycle, sa pamamaraang hindi naman sila malulugi sa kanilang pamumuhunan sa pagkabili ng tricycle.

Pangkat 23. Pagkatapos din ng naulit na imbentaryo at maitakda ng Sanggunian ang bilang ng mga tricycle na dapat mamasada ay itatatag ang takdang panahon na dapat magreport ang mga may-ari ng tricycle ukol sa kanilang pagkakaroon ng prankesa. Kung sa loob ng naulit na taning ay hindi sila makapagreport at nagkataon na ang takdang bilang na dapat mabigyan ng prankesa ay napunan na ay hindi na maaaring magdagdag pa ang TFRC ng maibibigay na prankesa sa susunod pang aplikante.

ARTIKULO VIII
PARUSA SA MGA PAGLABAG

Pangkat 24. Ang sinumang lalabag sa mga alituntuning nakasaad dito ay parurusahan ng multa

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

JOSE B. CAPUNO, Jr.
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
-107-

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

na P400.00 pagkabilanggo ng hindi bababa sa 15 araw o kaya ang dalawang parusang ito ayon sa pasya ng hukuman bukod pa sa parusang nakasaad sa ilalim ng kinauukulang tadhana dito.

ARTIKULO IX
PAGKAKABISA

Pangkat 25. Ang kautusang ito o ordinansa ay magkakabisa sa sandaling tanggapin ng bayang ito ang kaukulang "Implementing Rules and Guidelines" na ibababa ng Department of Interior and Local Government, at pagkatapos na ito ay maipalathala sa pamamagitan ng pagpapaskil nito sa "Bulletin Board" ng Munisipyo at sa tatlong iba pang lugar na madaling mabasa ng mga kinauukulan sa loob ng 10 araw na palugit.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

****

Sa puntong ito ay ipinahayag ng Lupong naatasang mag-aral hinggil sa panuntunang itatadhana ng Sangguniang Bayan sa pagkakaloob ng pagtitibay sa mga Special Sabong/ Pintakasi ay nagmungkahing bigyan pa sila ng isang linggo upang maging pinal ang kanilang inihandang panuntunan. Matapos ang maikling pagpapaliwanagan ay ipinasiya ng kapulungan na pagbigyan ang lupong pinamamahalaan ni Kag. Puzon ng hanggang sa susunod na pulong upang mapag-pasiyahan ang kahilingan ni G. Marcelino Dictado.

****

Hininging muli ni Kag. Puzon ang hapag upang hilingin sa kapulungan na mabigyan ng pahintulot ang Punong-bayan at ang Lupon para sa Environment and Ecological Development na makipag-ugnayan sa iba't-ibang ahensiya pampamahalaan man o pribado upang maipagpatuloy ng lupon ang kasalukuyang inihahandang pag-aaral upang mapangalagaan ang patubig sa bayan ng Santa Rosa. Ipinaliwanag niya na kung hindi ito mapangangalagaan, ang tubig sa bayan ay lubos na matutuyot at ang mga poso ay mahihirapang tugunan ang pangangailangan ng mamamayan sa tubig, kaya't ang:

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

JOSE B. CAPINDIG, Jr.
Kagawad

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

URBANO J. DIAZ
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad